

Deborah Heart and Lung Center
Patakaran sa Tulong Pinansiyal/Buod sa Payak na Wika

Ang layunin ng dokumentong ito ay upang siguruhin na ang lahat ng mga pasyente ay makakatanggap ng mahahalagang emerhensiya at iba pang mga serbisyong medikal na kinakailangan pangangalaga sa kalusugan na ibinibigay ng pasilidad ng ospital anuman ang kanilang kakayahang magbayad. Ang isang Buod ng patakarang ito ay ibibigay sa lahat ng mga pasyente bilang bahagi ng proseso ng pagpaparehistro. Ang lahat ng pagsisikap ay gagawin upang matiyak na ang mga patakarang ay malinaw na ipapaalam sa mga pasyente na ang mga pangunahing wika ay wika na iba sa kung saan nakaimprenta ang mga patakarang ng FAP.

Ang Deborah Heart and Lung Center ay isang lisensyadong espesyalistang ospital sa New Jersey na binuo upang magpaginhawa at gumamot nang walang pinipiling lahi, kasarian, sekswal na kagustuhan, kulay, pananampalataya, relihiyon, edad, bansang pinagmulan, kapansanan, o kakayahang magbayad, mga taong mayroong sakit sa puso mula sa pagkapanganak, sakit sa baga at baskular na sakit at mga taong mayroong mga kaugnay na sakit. Ang Deborah ay itinatag noong 1922 “par sa mga layuning pangkawanggawa at para magbigay ng medikal at kirurhikong paggamot sa mga taong mayroong mga sakit sa puso at baga at walang kakayahang magbayad ng gastos para sa mga katulad na paggamot.” Sa nakaraang 93 na taon, ang mga pagsisikap sa pagpapalaki ng pondo ng Deborah Hospital (at, nang maglaon ay naging Deborah Hospital Foundation) ay nagpahintulot sa Deborah na mabigyan ang lahat ng mga pasyente nito ng benepisyong ng regalang ito.

Ang isang listahan ng bayarin ay pananatilihin para sa bawat pasyente, ngunit hindi ito ibinibigay sa pasyente. Kung ang pasyente ay may seguro, sinisingil ng ospital ang plano ng seguro ng kalusugan para sa mga serbisyo ng ospital at mga serbisyo ng doktor na ibinibigay ng mga binabayaranang empleyado ng Deborah. Sa kabilang banda, kung ang pasyente ay kulang ang seguro o walang seguro, if the patient is underinsured or uninsured, titignan ng Debora ang pagiging karapat-dapat ng pasyente, o ng partidong may responsibilidad sa mga bayarin, para sa anumang mailalapat na programang Pederal at/o pang-estado. Tatanggapin ng Deborah ang halagang binayaran sa pamamagitan ng alinman sa mga programang Pederal at/o pang-estado at hindi sisingilin ang balance sa pasyente. Sa pagkolekta ng bayad sa seguro na babayaran din kung ang pasyente ay nagpagamot sa anumang ospital sa bansa, at sa tulong ng Deborah Hospital Foundation at iba pang mga donante, nagawa ng Deborah na gamitin ang mga pinansiyal na mapagkukunan nito upang bayaran ang paggamot, iba pang bayarin, mga ibinabawas, at hating-seguro (coinsurance) na hindi binabayaran ng seguro. Ang Foundation Gift na ito ay kailangang aprubahan bawat taon ng Board at maaaring magbago taon-taon. SA kasalukuyan ay hindi sinisingil ng Deborah ang mga pasyente nito para sa anumang medical na pangangalaga o serbisyo. Lahat ng pasyente ng Deborah ay tumatanggap ng parehong pinansiyal na tulong: ang Deborah ay sadyang hindi gumagawa ng mga hakbang upang singilin ang sinumang pasyente.

Ang Patakaran sa Tulong Pinansiyal na ito ay kinakailangaing isapubliko ng bawat hindi pangkalakal na ospital sa Estados Unidos bilang bahagi ng Patient Protection and Affordable Care Act (PPACA). Ang mga regulasyon at legal na interpretasyon ng epekto ng PPACA ay nagbabago at ang abilidad ng Deborah na ipagpatuloy ang Misyong nito ay nakadepende ng malaki sa patakarang pangangalaga sa kalusugan sa hinaharap at pagbibigay ng mga donor. Subalit, kapag ang patakarang na ito ay umiiral sa panahon kung saan ang pasyente ay nakaiskedyul para sa isang inpatient o outpatient admission o appointment para sa pag-aalaga, ang patakarang na ito ay puwedeng gamitin sa mga pasyente para sa partikular na pagpasok o appointment. Dapat ito ay nabanggit, bilang bahagi ng regulasyon pagsisiwalat ng PPACA, kung ginawa ng Deborah ang pagbalanse ng bayarin, ang mga pasyente na karapat-dapat para sa pinansiyal na tulong ay hindi sisingilin ng higit sa "Halagang Kadalasang

Deborah Heart and Lung Center
Patakaran sa Tulong Pinansiyal/Buod sa Payak na Wika

Sinisingil" (AGB sa nakasegurong mga tao(AGB, tulad ng sinasaad ng IRC Seksyon 501r ng Internal Revenue Service). Ang AGB para sa Deborah Heart and Lung Center sa Disyembre 2018 ay 17.36%*.

Ang Patakaran sa Tulong Pinansiyal na ito ay para lamang sa mga serbisyo na ibinibigay ng Deborah Heart and Lung Center. Para sa isang listahan ng mga tagatustos na hindi sakop ng Patakaran na ito, pakitignan ang Apendiks A.

Maaari kang kumuha ng kopya ng patakarang ito sa sumusunod na mga paraan:

- Paghingi nito mula sa main Registration Desk ng Senter
- Paghiling na magpadala sa iyo ng kopya, sa pagtawag sa Patient Access Services sa 609-735-2960 o pag-e-mail sa PAS@deborah.org
- Paghiling ng kopya sa pamamagitan ng sulat, kasama ang iyong address sa:

Deborah Heart and Lung Center
200 Trenton Road
Browns Mills, NJ 08015
Attention of: Patient Access Services

- Sa pag-download ng dokumento mula sa website ng Ospital: www.demanddeborah.org.

**Ang AGB ay kinalkula gamit ang Medicare fee-for- service kasama ang pribadong tagaseguro ng kalusugan gamit ang netong kita sa serbisyo sa pasyente (lahat ng kita mula sanagbayad maliban sa Self Pay at Medicaid) na hinati ng lahat ng gastos na may kinalaman sa kita, sa nakaraang 12 na buwan.*

Deborah Heart and Lung Center
Patakaran sa Tulong Pinansiyal/Buod sa Payak na Wika

Apendiks A:

Ang Patakaran sa Tulong Pinansiyal na ito ay umiiral lamang para sa mga serbisyo na ibinibigay ng Deborah Heart and Lung Center. Ang Emergency Department ng Lourdes Medical Center sa Burlington County at ang Diabetes Center at Deborah, na makikita sa iba't-ibang lugar sa Deborah Campus, ay hindi pinapatakbo ng Deborah at hindi sumusunod sa Patakaran sa Tulong Pinansiyal ng Deborah.

Sa karagdagan, ang mga karagdagang doktor (mga doctor na may pribilehiyo sa Deborah ngunit hindi empleyado o nakakontrata sa Deborah Heart and Lung Center) ay hindi sakop ng Patakarang Pinansiyal ng Deborah. Ang sunumang karagdagang doctor na hindi sumusunod sa FAB ay nasa sumusunod:

Garden State Bariatrics & Wellness Center
The Cardiovascular Center
Garden State Heart Care
Dover Cardiology
Premier Heart
Capital Health System
Ocean County Foot and Ankle Surgical Associates P.C.
Foot and Ankle Center of South Jersey
The Foot and Ankle Group

Ang impormasyon na nakapaloob sa apendiks na ito ay huling sinuri noong Setyembre 2019.